

Ulat ng Auditing Department ng Simbahan, 2013

Inilahad ni Kevin R. Jergensen

Managing Director, Church Auditing Department

*Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Mahal na mga Kapatid: Tulad ng nakasaad sa paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes—na binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric—ang nagpapahintulot sa paggugol ng pondo ng Simbahan. Ginugol ng mga unit ng Simbahan ang mga pondo alinsunod sa inaprubahang mga badyet, patakaran, at pamamaraan ng Simbahan.

Ang Church Auditing Department, na binubuo ng mga lisensyadong propesyonal at hiwalay sa lahat ng iba pang mga departamento ng Simbahan, ang may tungkuling magsagawa ng mga audit sa layon na makapagbigay ng katiyakan hinggil sa natanggap na mga kontribusyon, pondong ginugol,

at sa pangangalaga ng mga ari-arian ng Simbahan.

Batay sa isinagawang mga audit, naniniwala ang Church Auditing Department na, sa lahat ng materyal na aspeto, ang natanggap na mga kontribusyon, pondong ginugol, at ari-arian ng Simbahan para sa taong 2013 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa inaprubahang badyet ng Simbahan, mga patakaran, at angkop na mga gawain sa accounting. Sinusunod ng Simbahan ang mga itinuturo sa mga miyembro nito na mamuhay ayon sa kinikita, iwasan ang mangutang, at mag-impok para sa panahon ng pangangailangan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Kevin R. Jergensen
Managing Director ■

Ulat ng Estadistika, 2013

Inilahad ni Brook P. Hales

Kalihim sa Unang Panguluhan

Para sa kaalaman ng mga miyembro ng Simbahan, ang Unang Panguluhan ay nag-isyu ng sumusunod na ulat ng estadistika hinggil sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang noong Disyembre 31, 2013.

Mga Unit ng Simbahan

Mga Stake.....	3,050
Mga Mission.....	405
Mga District	571
Mga Ward at Branch	29,253

Bilang ng mga Miyembro ng Simbahan

Kabuuang Bilang ng mga Miyembro	15,082,028
Mga Bagong Children of Record.....	115,486
Mga Convert na Nabinyagan	282,945

Mga Missionary

Mga Full-Time Missionary.....	83,035
Mga Church-Service Missionary	24,032

Mga Templo

Mga Templong Inilaan noong 2013, (Tegucigalpa Honduras Temple).....	1
Mga Templong Gumagana sa Pagtatapos ng Taon	141

